Republic of the Philippines

**Department of Education**

**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 4

## Quarter 2 - Modyul 6:
## Pakikipagkapuwa - tao



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon



## Alamin

Magandang araw kaibigan!

Bahagi ng pakikipagkapuwa-tao ang pagpapakita ng paggalang at kabutihan sa iba.

Nakapagpapakita ng paggalang sa iba  sa sumusunod na sitwasyon.( EsP4P-IIf-i-21)

8.1 sa oras ng pamamahinga
8.2 kapag may nag- aaral
8.3 paggalang sa maysakit
8.4 pakikinig kapag may nagsasalita/nagpapaliwanag

| Aralin 2 | Pakikipagkapuwa - tao |
|---|---|

## Balikan

Sa gawain ito, ating balikan ang iyong natutunan ukol sa pagiging bukas-palad lalo na mga taong nangangailangan.

**Panuto:** Isulat ang N  kung isinasaad ay nararapat at NH kung hindi nararapat.

___ 1. Nasunog ang bahay ng iyong kakalase, bilang isang mabuting  kaibigan pinuntan mo siya at nag–alay ng tulong.

___ 2. Pagsali ng bukal sa kalooban sa pamamagitan ng pamamahagi ng relief goods sa inyong barangay.

___ 3. Pinagtawanan mo ang iyong kapitbahay na ninakawan dahil wala silang mabiling pagkain.

___ 4. Sumasali sa “Kilusang Tulong” sa pagbigay ng mga lumang damit sa mga nasabugan ng bulkang Mayon.

___ 5. Nakikipag- ugnayan sa mga kinauukulan at nag-abot ng anumang tulong sa mga lugar na nasasalanta sa anumang kalamidad.



## Tuklasin

### Salamat sa Paggalang

Si Tiya Juling ay guro sa mababababang paaralan ng Mamboc. Sa pag-uwi niya sa hapon bitbit niya ang maraming aklat na babasahin inaabot siya ng hatinggabi sa paghahanda ng mga kagamitang panturo na gagamitin niya kinabukasan.

Tuwing Sabado nakaugaliaan na ni Tiya Juling na maglaba ng kanyang mga damit sa umaga.Pagdating naman ng hapon natutulog siya at nagpapahinga.

Kakaiba ang araw na ito ng Sabado hindi naglaba si Tiya Juling. Nasa loob lamang siya ng kanyang silid at nakahiga sa kanyang kama. Nang araw na iyon, bisita namin sa bahay ang aking mga pinsan. Masaya ang lahat. May ilan pa na tumatawa ng malakas at patakbo-takbo hanggang sa loob ng silid ni Tiya Juling.

Kinausap ko ang aking mga pinsan. “Maari ba ninyong hinaan ang inyong boses dahil nagpapahinga si Tiya Juling sa kanyang silid? Iwasan din muna ninyong pumunta sa kanyang silid upang hindi siya maabala. “ ang sabi ko sa kanila. “ Sige Raul ang pasang-ayon ng aking mga pinsan. Itinuloy namin ang masayang kwentuhan subalit naging maingat na maistorbo si Tiya Juling.

Pagdating ng hapon lumabas na ng kanyang silid si Tiya Juling “Nandito pala kayong magpipinsan. Mabuti nalang at nakapagpahinga ako ng mabuti. Nawala na ang sakit ng aking ulo. Maya-maya ay maari ko nang simulan ang aking paglalaba,” ang sabi ni Tiya Juling.

Ngumiti ako sa aking narinig mabuti nalang at hindi namin nagambala si Tiya Juling sa kanyang pagpapahinga kanina.

.

**Tanong:**

1. Sino si Tiya Juling sa kwento?

   ______________________________________________________

2. Anong sitwasyon sa kwento ang nagpapakita ng pagmamalasakit ni raul sa kanyang Tiya Juling ?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Sang-ayon kaba sa ginawa ni Raul pangatwiranan?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

4. Magtalaa ng mga dahilan kung bakit kailangang igalang ang mga taong:
   - nagpapahinga
   - may sakit

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

5. Ang paggalang sa taong nagpapahinga at may sakit ay nagpapahiwatig ng ___?
______________________________________________________________
______________________________________________________________



## Suriin

### Tandaan

Ang paggalang sa kapuwa–tao ay natutunan mula sa pagkabata. Ito ay isang hakbang sa pagkakamit ng isang mapayapang pamayanan. Kapag iginalang ng lahat ang kaniyang kapuwa tiyak na walang magkakagalit dahil nirerespeto ang karapatang pantao. Ang paggalang sa iba ay maaring maipakita hindi lamang sa salita kundi gayundin sa gawa. Bahagi ng pakikipagkapuwa-tao ang pagpapakita ng paggalang at kabutihan sa iba.

**Panuto**: Isulat ang Wasto sa patlang kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang at Di – Wasto kung hindi.

_______ 1. Tumigil ako sa paglalaro at pag- iingay kapag may nagpapahinga.

_______ 2. Tahimik ako na lumalakad sa pasilyo ng skwelahan sa oras ng klase.

_______ 3. Malakas na nagpapatugtog ng radyo habang may natutulog.

_______ 4. Kalalabas lng ng tiyahin niya sa hospital at nagpapahinga,nang sumigaw niyang kinamusta ito sa kanyang pinsan.

_______ 5. Iginagalang ko ang nagsasalita kahit hindi ko siya kaanu-ano.



## Pagyamanin

**Panuto:** Gumuguhit ng masaang mukha sa patlng kung tama ang isinasaad ng pangusap at malungkna mukha naman kung mali.

_____1. Nagkukwentuhan habang ng sasalita ang guro sa harap ng klase.

_____2. Maingay na naglalaro habang may nag-aaral.

_____3. Hindi nakikinig ng mabuti sa tagapagslita sa isang palatuntunan sa isang palatandaan sa paaralan.

_____4. Malakas na tinutugtog ang radyo habang nagpapahinga.

_____5. Hindi sinisigawan mo ang iyong lola na parang bata ang ugali.



# Isaisip

Sa bahaging ito, sumulat ng isang talata ayon sa sariling karanasan tungkol sa paggalang sa kapuwa habang ito ay nag- aaral.

<u>Paggalang Sa Kapuwa</u>

Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Liham

| Mga batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipahayag sa talata ang tunay na karanasan sa paggalang sa kapuwa. | Hindi masyadong naipahayag sa talata ang tunay na karanasan sa paggalang sa kapuwa. | Hindi sariling karanasan ang naipahayag sa talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng talata. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkakasulat | Hindi maayos ang pagkakasulat ng talata. Walang panimula katawan at konklusyon. |



# Isagawa

**Panuto:** Gumawa ng isang liham ng paghingi ng tawad para sa taong hindi mo pinakinggan habang nagsasalita.

Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Liham

| Mga batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| A. Nilalaman | Naipahayag sa liham ang totoong hangarin sa paghingi ng tawad sa taong hindi mo pinakinggan habang siya ay nagsasalita. | Hindi masyadong naipahayag ang tunay na hangarin | Malayo sa hangarin ang humihingi ng tawad ang nasulat sa liham. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| B. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng talata. Naisusulat ang limang bahagi ng liham. | Maayos ang pagkakasulat ng liham. Apat mula sa limang bahagi ng liham ang naisusulat. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng liham. Kulang ang bahagi ng liham na naisusulat. |



## Tayahin

Panuto : Basahin ang mga sitwasyon at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Nagpaliwanag ang guro tungkol sa bagong aralin, ano kaya ang mabuting gawin ng mga bata?
   A. Hindi pansinin ang guro
   B. Magsasalita sa katabi
   C. Makinig ng mabuti
   D. Lumabas sa silid aralan
2. Tumutula ang iyong kamag aral sa harap ng iyong klase,dahil sa kaba nagkamali siya. Ano ang iyong gagawin?
   A. Tawanan siya at palakpakan
   B. Tuksuhin mo siya
   C. Tulungan mo siya para matapos.
   D. Tumahimik at makinig ng mabuti sa kanya.
3. Sa isang palatuntunan ng inyong paaralan nagbigay ng talumpati ang inyong punong guro samantala maingay ang iyong kaklase ano ang gagawin mo?
   A. Makipag kwentuhan rin sa iyong kaklase
   B. Huwag makinig sa punong guro
   C. Magsumbung sa guro.
   D. Sasabihin sa mga kaklase na tumahimik at makinig ng mabuti sa punong guro.
4. Habang nagsesermon ang pari panay ang kwentuhan ng iyong pinsan na katabi mo.Ano ang gagawin mo?
   A. Dilatan sila at sumimangut
   B. Sigawan sila at lumabas sa simbahan
   C. Makipag kwentuhan din sa kanila
   D. Pagsabihan sila na tumahimik at makinig sa sermon ng pari.
5. Alam mong nagribiyu ang ate mo para sa kanilang final exam, habang masaya naglalaro ang iyong dalawang kapatid sa sala. Ano ang gagawin mo?
   A. Makipaglaro sa mga kapatid
   B. Pipingutin ang iyong mga kapatid
   C. Sisigawan sila para tumigil
   D. Sasabihan sila na sa labas na lang maglaro.



## Susi sa Pagwawasto

**Balikan:**

1. N
2. N
3. NH
4. N
5. N

**Tuklasin :**

1. Si Tiya Juling ay isang guro sa Mabadang Paaralan Mamboc
2. Pinahinaan niya ang boses ng kanyang mga pinsan dahil napapahinga ang kanyang tiyahin.
3. Opo sang-ayon ako dahil ipinapakita niya ang paggalang sa taong may sakit at nagpapahinga.
4. Dahil kailangan nila ng pahingan at kailangan nilang gumaling sa sakit
5. Karapatan ng kapuwa

**Suriin:**

1. Wasto
2. Wasto
3. Di-Wasto
4. Di-Wasto
5. Wasto

**Pagyamanin:**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**Isaisip:**

Gamitin ang rubrics sa pagmamarka ng talata

**Isagawa:**

Gawain 1 **:** Gamitin ang rubrics sa pagmamarka ng liham

**Tayahin:**

1. C
2. D
3. D
4. D
5. D

**Sanggunian:**


- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao 4 Modyul 4 para mag-aaral, DepEd-BLR, 2015, pp. 128-129
- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao 4 Modyul 4 patnubay ng guro, DepEd-BLR, 2015, pp. 74-81

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


Manunulat: Rosemary R. Abao MT-1, Ajibon E/S
Editor: Marigold C. Galan T-II, Sunset E/S
Isabela City Division
Tagasuri: Fadher G. Ismael, PSDS, Isabela West District 3
Isabela City Division
Tagaguhit:
Tagalapat: Acama A. Lawama T-II, Ajibon E/S
Tagapamahala:

Julieto H. Fernandez, OIC-SDS

Maria Laarni T. Villanueva, OIC-ASDS

Eduardo G. Gulang, SGOD Chief

Henry R. Tura, CID Chief

Elsa A. Usman, , LR Supervisor

Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator